Republic of the Philippines
Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY

**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**DIVISION MEMORANDUM**
**No.358, s. 2021**

Hunyo 18, 2021

**PANAWAGAN SA MGA GURONG MANANALIKSIK SA FILIPINO PARA SA PROGRAMANG FILIPINO E-TAGUYOD**

Para sa mga: Hepe, Curriculum Implementation Division
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

---

1. Alinsunod sa Memorandum mula sa Rehiyon at Memoradum Pangkawaran DM – OUCI-2021-216 mula kay Pangalawang Kalihim Diosdado M. San Antonio, ang Kagawaran sa Larangan ng Pagkatuto, Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ay magsasagawa ng Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon.

2. Layunin ng E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Larang ng Edukasyon ang sumusunod:
   a. Makabuo ng saliksik hinggil sa mga isyung pamFilipino sa larang edukasyon
      -Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa nagbabagong Panahon;
      -Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
      -Mga Isyu sa Gamot at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon,
   b. Magamit na batayan ang mga nabuong saliksik sa pagbuo ng estratehikong mga plano sa pagtataguyod ng Filipino sa edukasyon at;
   c. Mailapat sa polisiya ang mga nabuong plano bilang pambansang programa sa Filipino sa edukasyon.

3. Kaugnay nito inaanyayahan ang mga gurong kalipikado, elihible at nais maging mananaliksik sa nasabing gawain. Bukas sa lahat ng mga guro sa Filipino at mga gurong gumagamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng iba pang asignatura sa lahat ng publikong paaralan. Kalakip nito ang kabuoang tuntunin na isinagawa ng BLD-TLD.

4. Kalakip sa Memorandum na ito ang detalye sa nasabing gawain.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Gaudencio Luis Serrano sa numerong 09171933788 o mag-email Gaudencio.serrano@deped.gov.ph

6. Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE**
Tagapamanihalang Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
21-73028
DATE: 6-21-2021 TIME: 233 p.m.
BY: RUBEN EVARRETTA, LPT, MICB

RECORDS FILE

Republic of the Philippines
Department of Education
DAVAO REGION
Office of the Regional Director

MEMORANDUM

Para sa : Tagapamanihalang Pansangay

Paksa: PANAWAGAN SA MGA GURONG MANANALIKSIK SA FILIPINO PARA SA PROGRAMANG FILIPINO E-TAGUYOD

Petsa : Hunyo 16, 2021

Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran DM –OUCI – 2021-216, mula kay Pangalawang Kalihim Diosdado M. San Antonio, ang Kawanihan sa Larangan ng Pagkatuto , Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ay magsasagawa ng Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon.

Layunin ng E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Larang ng Edukasyon ang sumusunod:

a. Makabuo ng saliksik hinggil sa mga isyung pamFilipino sa larang edukasyon
   - Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa nagbabagong Panahon;
   - Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
   - Mga isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon,
b. Magamit na batayan ang mga nabuong saliksik sa pagbuo ng estratehikong mga plano sa pagtataguyod ng Filipino sa edukasyon ;at
c. Mailapat sa polisiya ang mga nabuong plano bilang pambansang programa sa Filipino sa edukasyon.

Kaugnay nito inaanyayahan ang mga gurong kalipikado, elihible at nais maging mananaliksik sa nasabing gawain. Bukas sa lahat ng mga guro sa Filipino at mga gurong gumagamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng iba pang asignatura sa lahat ng publikong paaralan. Kalakip nito ang kabuoang tuntunin na isinagawa ng BLD - TLD.

Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Gaudencio Luis Serrano sa numerong 09171933788, o mag-email - gaudencio.serrano@deped.gov.ph.

Hinihiling ang malawakang pagpaparating sa mga kinauukulan ng Memorandum na ito

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV

Kalakip: gaya ng nasasaad

ROC4/ mjmm

Address: F. Torres St., Davao City (8000)
Telephone Nos.: (082) 291-1665; (082) 221-6147

0604-2021- 355N
6/17/2021

Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

## PANGALAWANG KALIHIM ng KURIKULUM AT INSTRUKSIYON

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
... REGIONAL OFFICE NO. XI
... 10 TIME: 4:15 PM

**MEMORANDUM**
**DM-OUCI-2021-216**

PARA SA/SA MGA: **Ministro, Ministeryo ng Batayan, Mas Mataas at Teknikal na Edukasyon ng BARMM**
**Panrehiyong Direktor**
**Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan**
**Tagapamuno/Punong-guro ng mga Paaralan**
**Iba pang Kinauukulan**

MULA KAY : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Pangalawang Kalihim
Kurikulum at Pagtuturo

PAKSA : **PANAWAGAN SA MGA GURONG MANANALIKSIK SA FILIPINO PARA SA PROGRAMANG FILIPINO E-TAGUYOD**

PETSA : **Hunyo 7, 2021**

---

1. Bilang tugon sa tunguhing *Sulong Edukalidad* ng Kagawaran maging sa isinasaad sa Seksiyon 6, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng 1987 na pagsasagawa ng mga hakbang para sa puspusang pagtataguyod ng paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at wikang panturo–ang Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto, Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ay magkakaroon ng **Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon.**

2. Ito ay isang maka-Filipinong programa tuon sa pagpapalakas at pagtataguyod ng Filipino sa larangan ng Edukasyon (pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, pagtuturo at pagkatuto gamit ang Filipino, at gamit at paggamit ng Filipino sa edukasyon). Bahagi nito ang mahahalagang tuong gaya ngunit hindi limitado sa *E*-Saliksik sa Filipino, Filipino *E*-Turo, Filipino *E*-Linang, at *E*-Salin sa Filipino. Magsisimula sa gawaing ***E*-Saliksik sa Filipino**. Magsasagawa ng saliksik hinggil sa umiiral na mga isyung pamFilipino sa larang ng Edukasyon.

PANGALAWANG KALIHIM ng KURIKULUM AT INSTRUKSIYON
Kagawaran ng Edukasyon
Tel. No.: +632 8633-7202 / 8687-4146; Fax: +632 8631-5057
Email: ouci@deped.gov.ph

3. Layunin ng ***E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Larang ng Edukasyon*** ang sumusunod:
   a. Makabuo ng saliksik hinggil sa mga isyung pamFilipino sa larang ng edukasyon:
      - Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa Nagbabagong Panahon;
      - Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
      - Mga Isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon.
   b. Magamit na batayan ang mga nabuong saliksik sa pagbuo ng estratehikong mga plano sa pagtataguyod ng Filipino sa edukasyon; at
   c. Mailapat sa polisiya ang mga nabuong plano bilang pambansang programa para sa Filipino sa edukasyon.

4. Kaugnay nito, inaanyayahan ng BLD-TLD ang mga gurong kalipikado at elihible at nais maging mananaliksik sa nasabing gawain. Ang panawagang ito sa mga **gurong mananaliksik** ay bukás sa lahat ng mga guro sa Filipino at mga gurong gumagamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng iba pang asignatura sa lahat ng publikong paaralan sa buong bansa.

5. Ang mga gurong mananaliksik ay dapat taglay ang sumusunod na mga kwalipikasyon:
   a. Hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino o pagtuturo gamit ang Filipino, anumang posisyon ay makalalahok;
   b. Kung maaari ay nagtapos ng graduwadong pag-aaral sa kaugnay na disiplina;
   c. May sapat na karanasan at kasanayan sa pananaliksik;
   d. May mga pagsasanay at palihan sa pananaliksik;
   e. May nailathalang saliksik sa Filipino o nakapagbahagi na ng saliksik sa mga forum at kumperensiya sa paaralan, dibisyon, rehiyon, maging sa nasyonal man o internasyonal;
   f. May sapat na kaalaman at pag-unawa sa mga isyung pamFilipino sa larang ng edukasyon (pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, pagtuturo at pagkatuto gamit ang Filipino, at gamit at paggamit ng Filipino sa edukasyon)
   g. Taglay ang kawastuhan at katataasan sa teknikal na pagsulat gaya ng saliksik;
   h. May kaalaman at kasanayan sa MS Office tools at Google Suite applications
   i. Nakagagawa sa sarili gayundin kung may team na kasama.

6. Lahat ng gurong interesado at nais na maging bahagi ng *E*-Saliksik sa Filipino ay dapat magpasa ng kanilang aplikasyon at magsumite nang Word o PDF na kopya ng sumusunod sa BLD-TLD para sa pagsusuri:
   a. Curriculum vitae;
   b. Isang pahina ng sulat na naglalahad ng pagnanais na maging bahagi ng gawaing pananaliksik nasyonal at pagbabagi ng mga karanasan kaugnay sa nabanggit;

**PANGALAWANG KALIHIM ng KURIKULUM AT INSTRUKSIYON**
Kagawaran ng Edukasyon
Tel. No.: +632 8633-7202 / 8687-4146; Fax: +632 8631-5057
Email: ouci@deped.gov.ph

c. Photocopy ng abstract ng saliksik na nailathala o naibahagi sa mga forum at kumperensiya sa paaralan, dibisyon, rehiyon, maging sa nasyonal man o internasyonal;
d. Sulat rekomendasyon mula sa punong-guro/superbisor, o katumbas na pag-eendoso;
e. Konseptong papel (research proposal) alinman sa sumusunod na hindi lalampas sa 10 pahina:
   - Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa Nagbababagong Panahon;
   - Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
   - Mga Isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon.

7. Lahat ng mga kinakailangang dokumento ay dapat maisumite nang hindi lalampas sa **Hunyo 30, 2021** via https://forms.gle/Noiz3tdFTeDdJXut8. Ang magsusumite pagkatapos ng petsang ito ay hindi na tatanggapin.

8. Lahat ng aplikasyon ay susuriin batay sa pagsunod sa mga tuntuning ibinigay. Hindi na susuriin ang mga kulang na dokumento. Ang mapipiling gurong mananaliksik ay agad na padadalhan ng komunikasyon.

9. Para sa paglilinaw at iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

**GAUDENCIO LUIS SERRANO**
Supervising Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery - Teaching and Learning Division
4th Floor, Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City
gaudencio.serrano@deped.gov.ph
+63 917 193 3788 (Globe)

10. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.